



22112050



International Baccalaureate®  
Baccalauréat International  
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A2 – HIGHER LEVEL – PAPER 2**  
**PILIPINO A2 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 2**  
**FILIPINO A2 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 2**

Monday 16 May 2011 (morning)

Lundi 16 mai 2011 (matin)

Lunes 16 de mayo de 2011 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one question.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un sujet de composition.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Conteste a una pregunta.

*Sumulat ng sanaysay sa isa sa sumusunod. Ibatay ang sagot sa mga opsyong kultural at/o opsyong panliteratura na pinag-aralan sa klase. Ang reperensiya sa ibang paksa o akdang panliteratura ay pinapayagan pero di dapat maging pangunahing katawan ng sagot.*

### **Wika at Kultura**

1. Ang bilingguwalismo ay hindi nangangahulugan ng pagkakapantay ng dalawang wika sapagkat laging nagiging dominante ang isa at nasusupil ang kabila. Pag-isipan kung gaano ang iyong pagsang-ayon o di pagsang-ayon sa pahayag na ito batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.
2. Mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, sumasang-ayon ka ba na ang wika ay higit na nauukol lamang sa pagtataguyod ng pambansang identidad at karangalan kaysa komunikasyon?

### **Medya at Kultura**

3. Lagi at lagi tayong hinahatiran ng mass media ng mga balita na ayaw nating malaman. Ayon sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, gaano ang iyong pagsang-ayon o di pagsang-ayon sa pahayag na ito?
4. Sa pamamayagpag ng makabagong teknolohiya sa komunikasyong pangmadla (*Internet at mobile technology*), sinasabi ng marami na nagbago na ang mga paraan natin ng pagkonsumo at pagtangkilik sa media. Gamit ang mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, talakayin kung paano nagbago ang pagkonsumo natin sa media dulot ng popularidad ng modernong teknolohiya.

### **Mga Isyung Panghinaharap**

5. Gaano kalawak ang mga radikal na pagbabago na maidudulot ng impluwensiya ng modernong siyensiya? Sa iyong sagot, magbigay ng mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito.

### **Mga Isyung Pandaigdig**

6. Batay sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, sumasang-ayon ka ba na ang lumalalang kahirapan o karukhaan ang pinakamatinding suliranin na dapat tutukan ng mga bansa ngayon?

### **Mga Isyung Panlipunan**

7. Pangatuwiran ang ideya na “Kung walang edukasyon, wala ring kalayaan at katarungan sa lipunan”. Sa iyong sagot, magbigay ng mga halimbawa mula sa iyong napag-aralan sa opsiyong ito, at sa pagtalakay ay ipakita din ang koneksiyon ng ibang isyung panlipunan sa partikular na usaping ito.

**Mga Tanong Panliteratura**

8. Sinasabi ng maraming manunulat na ang simbolismo o talinghaga ay hitik sa katotohanan at kahulugan ng buhay. Talakayin ang ideyang ito batay sa dalawa o higit pang akdang napag-aralan sa opsiyong ito.
  9. Ayon kay G.K. Chesterton, “ang trahedya’y laging nangangahulugan ng pakikihamok ng tao sa mga puwersang higit na makapangyarihan kaysa kanya”. Talakayin ang kaisipang ito gamit ang dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan sa opsiyong ito.
  10. Ipakita kung paanong ginagamit sa panitikan ang mga imahe ng siklo ng kalikasan (halimbawa, tagtuyot at tag-ulan, taglagas at tagsibol) upang magpahayag ng mensahe ukol sa kahulugan ng buhay ng tao. Sa iyong sagot, magbigay ng mga halimbawa mula sa dalawa o higit pang tekstong iyong napag-aralan sa opsiyong ito.
-